# Marcos kay Liza: Marry me again

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 29 | 10.00 | APRIL 17 - APRIL 23, 2023

HOW romantic naman, sabi ng mga netizen, kilig to the bones, sa malambing na pakiusap ni President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. na tanggapin ng kanyang misis na magpakasal uli sila.

Ang alok ni PBBM ay ginawa noong Lunes, Abril 17 sa mismong ika-30 taong anibersaryo ng kanilang pag-iisang puso.

Ayon sa balita, ang alok na kasal uli ay isinunod ng Pangulo sa pagbibigay ng kanyang regalo sa First Lady, Atty. Marie Louise 'Liza' Araneta-Marcos.

May iniabot na pirasong papel na may nakasulat si PBBM sa kanyang maybahay na ito ang nakasulat: "Dearest Liza, make all my dreams come true. Marry me again! Happy anniversary!"

Sabi pa sa sulat: "30 years later there is still no place I'd rather be and no person I'd rather be with. Liza, you will always be the girl of my dreams."



*Kailan po Ang second marriage vows? President Marcos hinihiling na pakasalan uli siya ni First Lady Liza Araneta Marcos*

Sa Fiesole, Italy, Abril 17, 1993, pinagbuklod ng tadhana ang pagmamahalan nina Bongbong at Liza.

Unang pinatibok ni Liza ang puso ng binatang Marcos nang magkita sila sa New York na doon, nagtrabahong abogado ang dalagang Araneta.

Tatlong kaypopoging lalaki ang ibinunga ang kanilang pag--ibigan -- si House Senior Deputy Majority Leader Sandro, Joseph Simon at William "Vinny' Vincent.

Aba kung mangyari magpakasal uli sila, kailangan sa second honeymoon, girl na ang susunod nilang anak.

Ay kinikilig-kilig pa to the bones ang aming encoder sa balitang ito, at sabi niya, "Sana yayain ako uli ng mister ko na magpakasal kami uli."

Bongga!

# Happy celebration of life!

HINDI halatang golden lady na si Cavite Rep. Lani Mercado-Revilla na nagdiwang ng kayang ika-55 kaarawan nitong Martes, Abril 18 na naging mas masaya nang tumanggap ng maraming mensahe ng pagbati mula sa mga opisyal at kawani ng Bacoor City government.

Dating alkalde ng siyudad si Rep. Mercado-Revilla na pinalitan bilang kinatawan ng Cavite 2nd District ang ngayon ay Mayor Strike B. Revilla.

"Salamat Bacoor City employees sa inyong mga handog na puso. "Your messages made my birthday even more special," sabi ng kongresista na kilala rin sa palayaw niyang "Ate Lani" sa kanyang social media post.

Happy celebration of life po, mula sa BantayBalita Editorial Desk




# Kawit, San Emilio towns sign sisterhood agreement



Kawit Mayor Angelo Emilio G. Aguinaldo



San Emilio Mayor Joey Warren Bragado

The historical town of Kawit signed on Monday, April 17, a memorandum of agreement with the town of San Emilio, Ilocos Sur declaring their partnership and sisterhood.

The sisterhood pact signed by two local government units (LGUs) is an agreement to expand economic and cultural ties between the two municipalities.

The event was held during the celebration of Tapey festival held at the municipal hall, sperheaded by San Emilio Mayor Joey Warren A. Bragado, DVM and Kawit Mayor Angelo Emilio G. Aguinaldo and witnessed by other officials from the two local government units (LGUs).

On his social media page, Mayor Aguinaldo said: "Magandang Kawit. Tayo naman ay bumisita sa magandang bayan ng San Emilio, Ilocos Sur upang makiisa sa kanilang Tapey Festival at pagtibayin ang relasyon ng ating mga bayan."

In an interview with this paper, Mayor Aguinaldo said that the agreement is very siignificant between the two LGUs, especially in the improvement of public service.

Speaking In Filipino, Aguinaldo added that the sisterhood pact aims to improve the communication and cooperation of the two LGUs to improve and share each other's insights in various matters of governance such as in public service, economics, and leadership.

"Pinakamahalaga sa lahat, isinulong natin ang sisterhood o kapatiran ng ating mga bayan bilang magkaugnay sa nakaraan at magkatuwang tungo sa maunlad na kinabukasan," Aguinaldo said.

For his part, Mayor Bragado said that on behalf of his municipality, he

*See page 2*

**REYNA NG TURISMO CAVITE 2023:** An awesome beauty herself, Cavite Vice Governor Athena Tolentino took a selfie together with some of the official LGBTQ candidates at her back.

Last Saturday, April 15, the sashing ceremony and media day of the Reyna ng Turismo was held at the Knights Templar Ridge Hotel, where VG Tolentino and Cavite's LGBTQ queens proudly promoted the beautiful tourist destinations in the province.

Cavite is home not only to stunning views and rich history but also to the land of the brave and the empowered. **(photo from FB account)**




Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort P8

# 2021 Performance Based Bonus ng mga titser sa publikong paaralan, ilalabas na ng DepEd

MAAARI nang matranggap ng mga guro ang matagal nang hinihintay na Performance Based Bonus (PBB) para sa taong 2021.

Ito ay kung makumpleto ng Department of Education (DepEd) ang report nito sa Inter-Agency Task Force on the Harmonization of National Government Performance Monitoring, Information and Reporting Systems (AO25 Secretariat).

Ginagawa na ang assessment, sabi ng DepEd at kung matapos iyon, mailalabas na ang PBB.

"We understand that it is undergoing assessment now, and we look forward to its release as soon as possible," sabi ng DepEd.

Idinagdag na makikipag-usap na ang kagawaran sa Department of Budget and Management (DBM) para mapabilis na mailabas ang bonus.

Kasunod nito, pinayuhan ng DepEd ang mga kawani na 'wag magpalinlang sa mga grupong nagpapakalat ng impormasyong ang hangarin ang manggulo at magbibigay ng galit sa ahensiya.

Ang PBB ay isang insentibo sa mga kawani ng gobyerno batay sa kanilag mahusay na pagganap sa trabaho at maayos na responsibilidad. **/BETH S. JUNIO**

# Libreng bakuna vs flu sa Carmona




UPANG patuloy na mapanatili ang kaligtasan at kalusugan ng mga residente ng pamahalaang lokal ng Carmona, nagsagawa ng libreng flu vaccines ang Municipal Health Office (MHO) nito kamakailan.

Maraming senior citizens ang nabakunan sa iba't ibang barangay ng Carmona.

Bukod sa bakuna, inianunsyo ng MHO sa mga residente na laging bisitahin ang official pages ng pamahalaang lungsod para iskedyul ng susunod pang libreng flu immunization. **/PIA Calabarzon**

# Kawit, San Emilio... *from P1*

hopes to create and fortify an open communicative atmosphere to induce a heightened exchange of ideas between San Emilio and Kawit.

The agreement will focus in the fields of tourism, culture, agriculture, trade and commerce.

Mayor Aguinaldo thanked Mayor Bragado for the warm hospitality they received from the Ilocano folks.

"Maraming salamat sa pamahalaang bayan ng San Emilio na pinangungunahan ni Mayor Joey Warren A. Bragado, DVM para sa mainit na pagtanggap sa atin at pakikibahagi sa layunin natin na mabuting pamamahala at pangangalaga sa ating mga pinagsisilbihang kababayan," Mayor Aguinaldo posted on his social media page./ **GENE TAPARAN TAN, ERIC I. SANTOS**



***Mayor Aguinaldo exchanging pleasantries with Mayor Bravado. At 2nd far right is Councilor Armie Aguinaldo.***

# HAPPY LONG WEEKENDS CAVITEÑO!

GUGUNITAIN ang Eid'l Fitr o Feast of Ramadhan ng mga kababayan nating Muslim sa susunod na Biyernes, Abril 21 kaya idineklarang ito na regular holiday, alinsunod sa Proclamation No. 201.

Idineklara ring regular holiday ang Mayo 1, 2023 (Lunes) bilang pagdiriwang sa Araw ng Manggagawa, alinsunod naman sa Proclamation No. 90./**PIA Cavite**




# Calling all the graduating students and graduates!

HERE is your opportunity to Find Your Dream Career!

The Office of Student Affairs and Services is inviting you to a Job Fair activity on May 18, 2023, from 8:00am to 5:00pm, at CvSU International Convention Center (ICON).

Participants must be registered through this link:

Come in business/corporate attire and bring copies of curriculum vitae/resumes.

Get the Job, be hired!

For more details, you may reach your College Placement Coordinator.




# CPPO... *from P1*

Christopher F. Olazo, 16 na personalidad ang dinakip sa matagumpay na 11 buy-bust operations na ikinasa ng pulisya kamakailan.

Dagdag ni Col. Olazo, magpapatulloy ang pulisya sa pagkilos laban sa gumagawa ng ilegal na aktibidad at uusigin at pananagutin sila sa batas.

"Kailangan na mabigyan ng hustisya ang mga biktima ng mga gumagawa ng masama sa kapwa," sabi niya.

Aniya, mula nang maupo siya bilang hepe ng pulisya ng Cavite, lalong pinagbuti ang pangangalaga sa kaayusan at katahimikan sa lalawigan.

Kinilala ni Col. Olazo ang tulong ng mga nagmamalasakit na mamamayan sa mga tagumpay laban sa kriminalidad ng Cavite police.

PInapurihan niya ang magagaling na opisyal at tauhan ng pulisya sa pagtataya ng buhay upang mapaglingkuran ang mamamayang Cavitenyo.

Mas maigting pang war on criminality ang gagawin ng Cavite police, ipinangako ni Col. Olazo.

"Lalo na pagbebenta ng droga na sumisira sa kinabukasan ng mga kabataan, hindi po sila titigilan ng ating Cavite police," sabi ni Col. Olazo. **/DOMZ B. CAOILE**

# PBBM, VP Sara are 'doing a good job': Rep. Barzaga



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

TAMA ang assessment ng ating masipag na kongresista ng Dasmarinas City (Cavite's 4th District na ang patuloy na pangingibabaw sa lahat ng survey nina President Bongbong Marcos at VP Sara 'Inday Sara' Duterte ay patunay na maganda ang kanilang ginagawa sa bansa.

Kung iba ang paniniwala ng iba, mas mahalaga ang sinasabi ng taumbayan sa nakitang resulta sa nakaraang survey ng Octa Research, ng Social Weather Station at ng Pulse Asia.

Sa kanyang social media page, Dasmarinas City congressman, Atty. Elpidio 'Pidi' Barzaga Jr. our President, Vice President, House Speaker Martin Romualdez, Senate President Migz Zubiri and Supreme Court Chief Justice Alezander Gesmundo.

Sabi ng ating mahusay na Cavite representative nitong Huwebes, Abril, pinatutunayan ng Tugon ng Masa (TNM) Q1 2023 survey of Octa Research na kumpirmado, buong-buo ang tiwala ng taumbayan kina Marcos, Duterte, Romualdez, Zubiri at Gesmundo.

Sa survey, tumanggap si Marcos ng 83 percent trust rating, at 87 percent trust rating kay VP Inday Sara; 55 percent kay Romualdez, kay Zubiri, 50 percent at 39 percent kay Gesmudo.

"Survey after survey, we see high ratings for President Marcos Jr. and key officials of the government including our dear House Speaker Martin Romualdez. Be it satisfaction, approval or trust ratings, the Marcos administration consistently earns high marks!" sabi ni Rep. Barzaga.

The same survey said 80 percent of adult Filipinos were satisfied with the performance of Marcos, with 84 percent for Duterte, 53 percent for Zubiri, 59 percent Romualdez, and 41 percent for Gesmundo.

"So this is a confirmation. If you consistently score very high in successive surveys that deal with public approval, trust or satisfaction, it confirms you are doing a good job. So I congratulate all the officials who scored high in these surveys," Barzaga said.

PBBM. VP Inday Sara, Romualdez, Zubiri, and Gesmundo had also scored high in previous approval and satisfaction surveys of Pulse Asia and Social Weather Stations (SWS).

In the recent Pulse Asia survey, Romualdez and Zubiri both obtained a high approval rating of 51 percent.

The same survey indicated that Marcos and Duterte received high approval ratings, at 78 percent and 83 percent, respectively.



Romualdez obtained a high satisfaction rating of 56 percent, ranked as "very good.

Sa Dasmarinas City naman, walang duda, sigurado tayo, 100 percent ang trust rating at performance rating na ibinibigay ng Dasmarinenos kina Rep. Pidi, maybahay niyang si Mayor Jenny A. Barzaga, Vice Mayor Rex Mangubat at mga konsehal ng siyudad.

Lalo na kay Konsehal/Board Member Kiko Barzaga!

Ang kokontra, aanga-anga!

# Our journey to the grave: a lesson



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

LAST week, naaalaala ko uli ang mga taong nagbigay sa akin ng mga pasakit, na kahit na ibinigay ko ang lahat ng aking makakaya, nang higit pa sa dapat kong ibigay, sila pa ang ngayon ay nagkakait ng konting tulong, ngayon na ako ay nangangailangan ng tulong.

Konting pagmamahal lamang, pero mapagkait, maramot, may pusong bato.

Pero may mga kaibigan ako na madalas ay aking "pineperwisyo" sa aking kakulitan, pero hindi nagsasawa sa pag-aabot ng tulong: they are really my friends in deed..

Sino-sino sila, marami at alam nila sa sandaling mabasa nila ito, alam nila, SILA ang aking lubos na pinasasalamatan; sila ang aking idinadalangin na maging ligtas, masaya, malusog sa araw-araw, at kung magkasakit, nawa kamay ng ating Diyos ang humipo at magpapagaling sa kanila. akin.

Sa inyo, maraming-maraming salamat sa inyong kalinga, walang kapalit na pagtulong sa akin.

Ang mga katulad nyo na napakayaman sa pagmamahal, kayo ang nagdurugtong pa sa aking buhay ngayon.

Pasensiya na, nagiging sentimental ako ngayon, at mabuhay kayong lahat!

@@@

There is a saying that there are two things that we, mortal people can never escape.

That is Death and Taxes -- and that is very true.

An old friend, once said to me, he is not afraid of death: "Lampas 75 (anyos) na ako, and it's a great privilege to be still alive now that I am celebrating my coming 77 happy celebrations (of life).

Sabi pa niya: "Hindi ako perpekto, kasi, marami rin akong ginawang masama, pero I am trying to be good, though not so good to the eyes of other people."

Handa na raw siya na tanggapin kung oras na niya, pero ang kinatatakutan niya ay kung paano sasagutin ang mga tanong kung mula ba sa libingan, saan niya gusto mapunta: sa paraiso, o sa impiyerno.

He wonders if a deceased person still has some kind of 'feeling' and 'emotion' on his/her first day in the grave.

Ano ba ang mangyayari sa katawang lupa ng isang patay na sa unang isang linggo, sa unang mga buwan at mga taon, at totoo ba ang sinasabi ng marami, "bumabalik ang kaluluwa ng namatay at nagpaparamdam" sa mga iniwang buhay.

May pagkakaiba ba ang kaluluwa sa espiritu ng tao, at sabi ng kaibigan ko, nabasa niya sa Biblia, "Ang kaluluwa ay namamatay, at ang espiritu (ng tao) ay nagbabalik sa Lumikha, sa sinapupunan ng Diyos."

Totoo ba ang muling pagkabuhay, ang reinkarnasyon at ito ay alam natin na totoo na nangyari sa ating Lord Jesus.

From the Bible, we are told, only Jesus is the first Man who from the grave, in His first, second and third day, has risen.

Is the grave a new home, a new and better place -- as people say when a person is dead that he/she is a better place?

How about those people who were dead because they were abused, raped, murdered -- are they in a better place?

Let me ask you dear readers, if we are to die today, what would you tell to our God that we did to deserve paradise?

Sasabihin ba natin, a, matalino po ako, mayaman ako, bilyonaryo po ako.

Shall we say, we deserved heaven because, we were famous, we received top awards, that we were born from a royal family, or we were awesome, beautiful, etcetera, etcetera,

What deeds do we have to show before God, the Almighty?

Naalaala ko ang nabasa ko sa Bibile nang tuksuhin ni Satanas si Jesus na inialok ang lahat ng kayamanan, katanyagan, ang lahat ng rangya sa mundo, ito sa kondisyon na siya ay sasambahin ni Jesus.

Sinabi ni Jesus, walang halaga maging ang buong mundo ay mapasakanya, kung ang espiritu ay itatapon sa impiyerno.

Sundan sa p.6

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Noveleta Iskolar ng Bayan Batch 2

**ni ADELA R. ZAMORA –** Dalawang magkasunod na pamimigay ng tulong pinansiyal ang idinaos kamakailan sa bayan ng Noveleta na sinaksihan ng mga magulang at estudyante na pinangunahan ni Cavite Dist. 1 Congressman Jolo Revilla.

Nagbigay ng video message si Sen. Bong Revilla sa okasyon na ipinangako na tuloy-tuloy ang educational assistance sa mga kabataang Cavitenyo.

Tumanggap ng P2000 bawat isa ang mga grade school 1-8, at P3000 sa mga mag-aaral ng 9-12.

Sa kanyang social media post, sinabi ni Cong. Revilla na nakatutuwa na makita ang mga mga estudyante na masaya kasama ang kanilang mga magulang.

"Kaya naman ang lagi kong bilin sa mga kabataan, mag-aral nang mabuti at para sa mga magulang, gamitin sa pangangailangan ng kanilang mga anak at huwag gagamitin sa ibang bagay.

Ang aktibidad ay bahagi ng scholarship program na proyekto ni Sen. Revilla, Jr., Agimat Partylist at ni Cong. Revilla.

Sabi ni Cong. Jolo magkakatuwang sila ng kanyang ama at ni Cong. Bryan Revilla ng Agimat Partylist sa paghahatid ng serbisyo sa kabataang Cavitenyo.






Masayang nakipag-selfie si Cong. Jolo Revilla sa kinikilig na kababayan.






# Contingency Plan sa pagsabog ng bulkan sa idinaos sa Camiguin



SA loob ng tatlong sunod-sunod na araw, Abril 12-24, idinaos sa Camiguin ang isang workshop tungkol sa mga dapat gawin kung may pagsabog ng bulkan.

Ginanap ang seminar sa Camiguin Convention Center sa Mambajao na dinaluhan ng mga experto mula sa Department of Science and Technology (DOST) at Office of Civil Defense (OCD) na nilahukan ng 300 indibidwal mula sa barangay at iba-ibang samahan.

Malugod na tinanggap ni Governor Xavier Jesus Romualdo ang mga dumalo sa aktibidad na nagbigay ng pampasiglang mensahe habang si Kongresista Jurdin Jesus Romualdo ay pinaksa ang kahalagahan ng workshop na pakikinabangan ng mga mamamayan ng lalawigan.

Sa unang araw, pinaksa ni DOST Secretary Dr. Renato U. Solidum, Jr. bilang pangunahing tagapagsalita ang tungkol sa kahahalagan ng paghahanda sa panahon ng mga panganib na dala ng kalamidad tulad ng pagsabog ng bulkan.

Dapat, sabi ni Sec. Solidum na handa ang mga opisyal ng lalawigan at ng mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa panganib na dala ng pagsabog ng bulkan, paglindol, pagbitak ng pagguho at pagdausdos ng lava at lupa.

Bago hinirang sa DOST, nagsilbi si Solidom bilang undersecretary at officer-in-charge (OIC) ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS).

Isang experto sa larangan ng geology si Sec. Solidum.

Nagsalita rin sa mahahalagang dapat na ikilos sa panahon ng kalamidad si DOST undersecretary for Regional Operations Sancho A. Mabborang, gayundin ang pangkat mula sa DOST-X na nagbigay ng lektyur sa mga dapat na gawin upang mapigilan at madaling makapaligtas ng buhay at ari-arian kung sumabog ang bulkan.

Dumalo at nagbigay ng todong suporta si OCD Region 10 Director Antonio Sugarol sa apat na araw ng aktibidad.

Tinalakay sa seminar ang Contingency Plan factors, Hazard plans, Health-related hazard due to Volcanic Activity, Establishment of Incident Command Management Team, at marami pa.

Nakatayo sa tinatawag na Pacific ring of fire, nakalista ang Pilipinas sa World Risk Index 2022 na isa sa mga bansa na posibleng tamaan ng matitinding panganib na dala ng pagbabago ng panahon sa buong mundo.

Iba pang kilalang personalidad na nagbigay suporta sa workshop ay si Dr. Macario Oclarit, President of Camiguin Polytechnic State College, Mambajao DRRM Officer, Ms. Raquel Ranara, Ms.Joanne Katherine Rosales-Banaag, Provincial S&T Director, Mr. Trestan Rey Ebarre, Chief Capacity Building and Training Officer of OCD-10 at Ms. Joan Salcedo of PHIVOLCS.

Nasa isla ng probinsiya ng Camiguin ang aktibong bulkan sa Bundok Hibok-Hibok na naitala ang pinakahuling pagsabog noong 1951.

Sa pagsabog na ito, nagbuga ng kumukulong lava, nakalasong gas, at mga pagguho ng lupa na pumatay sa 3000 tao./Nova Belle Calotes/**DOST 10)**

## *US, China, naggigirian na!*
# PH madudurog kung magkagiyera

NAGPAKITANG-GILAS na nitong Martes, Abril 12 ang magkasamang puwersa militar ng US at Philipinas sa ginawang pinakamalaking Balikatan Exercise 2023 -- na kasali ang 12,000 kawal Amerikano, 5,000 Filipino at mahigit na sandaan (100) na Australyano.

Ayon sa balita, ang exercise ay ginamitan ng pagpapaputok ng Patriot missiles, command post exercise, cyber defense exercise, field training exercise, at Avengers air defense systems.

Sa military exercise na ito, marami raw matutuhan ang mga sundalong Pinoy sa ituturong maritime security, paggamit ng modernong armas pandigma at mga taktika sa pakikipaglaban.

Pero hindi raw ginawa ang pakitang-gilas sa giyera para inisin, galitin o hamunin ang China na alam ng mundo na siyang pinangigigilang matalo ng US sa larangan ng ekonomya, armas nuclear, teknolohiya at maging sa space program.

Para raw sa pagpapanatili ng peace and stability (kapayapaan at katatagan) sa rehiyon ng Indo-Pacific ang ginanap na exercise, sabi ni Armed Forces of the Philippines (AFP) Chief of Staff Gen. Andres Centino.



Dagdag ni Col. Michael Logico, tagapagsalita ng Balikatan, ito raw ay magbibigay ng warning sa sinoman na nais na sakupin ang PH.

Pagpakita rin ito ng kakayahan ng mga sundalong Pinoy na maipakita sa lahat na may kakayahan at taktikang militar sa pagpapalakas ng depensa militar sa karagatan nasasakop ng ating bansa.

Ginanap ang exercise sa lugar na kaharap ng pinag-aagawang South China Sea ( o West Philippine Sea) at karagatang malapit sa Taiwan, noon ay kilala sa tawag na Formosa at dating probinsiya ng China.

Sa maraming pahayag ng China, sinabi nito na kung kailangan ang giyera, babawiin nila ang Taiwan na ngayon ay kakampi ng US.

Nangako naman ang US at ang mga bansang kasapi ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) na tutulungan ang Taiwan kung ituloy ng China ang plano na giyerahin ito at mangyari ang tinatawag na 'reunification' na nais ni Chinese Presidente Xi Jinping.

Bukod sa China at PH, kasangkot sa agawan sa teritoryo ng WPS ang Indonesia, Taiwan, Brunei at Vietnam at madalas na nangyayari ang iringan at away sa teritoryong ito, lalo na ang pagtatayo ng base militar ng China at Vietnam sa maraming isla sa Spratleys at Kalayaan.

Iginigiit naman ng US na kailangan silang sumalik sa "gulo" dahil apektado ang ruta ng mga barkong komersiyal sa sakop ng pinagtatalunang teritoryo sa SCS.

Apektado, sabi ng US ang tinatawag nitong 'freedom of navigation" kung tuluyang

*Sundan sa pahina 6*

# CPG, SPAM nagbigay ng serbisyong medikal

MULING nagbigay ng libreng serbisyong medikal ang Cavite Provincial Government (CPG) sa tulong ng Solo Parents Association of Mendez (SPAM) na ginanap noong Miyerkoles, Abril 13.

Mahigit sa 260 residente ng Mendez ang nabigyan ng libreng konsultasyon at check-up ng mga doktor at kawani ng Cavite Provincial Health Office (CPHO) sa pamumuna nina Dr. Idgee Gabriel B. Bondoc at Dr. Bryan Ross F. Villa sa aktibidad na ginawa sa plaza ng munisipalidad.

Nagbigay ng mga gamot, bitamina ang pngkat ng Office of the Provincial Governor–Extension sa pamumuno ni Ms. Charlene Ann P. Samala, katuwang ang mga Barangay Heatlh Workers (BHW) at mga kasapi ng SPAM.

Nagbigay naman ng antigen swab testing ang pangkat ng Provincial Epidemiology and Surveillance Unit team at tiniyak naman ng pangkat ng Provincial Government – Environment and Natural Resources Office na ligtas at malinis ang pinagdausan ng aktibidad.

Sa okasyon, ikinuwento ni Ms. Charity A. Pereña. presdidente ng SPAM kung paano naitatag ang samahan at mga gawain nito tulad ng pagkilos na mabigyan ng serbisyong medikal -- sa tulong ng pamahalaang panlalawigan at lokal na pamahalaan --ang mahihirap na mamamayan, lalo na ang mga solo parents at kanilang mga pamilya.

Pinasalamatan ni Perena si Gov, JonVic Remulla at ang pamahalaang panlalawigan na laging kaagapay ng SPAM sa pagkakaloob ng maayos at maaasahang tulong sa mga maysakit, libreng gamot at konsultasyon sa mahihirap na pasyente ng Mendez.

Sumaksi, nagpakita ng suporta sa aktibidad si Ms. Sonia Mendoza, kasama si Mr. Ronald Perey, chief of staff ni Mayor Cocoy Mendoza, at mga konsehal, sina Hon. Ruby Lita Bay-Remigio at Hon. Alexander S. Ocampo./**JAM ELISSE M. REYES**



# Mauulit ba ang kasaysayan?



SA TOTOO LANG!
by GENE T. TAN

AAMININ ko, konti lang ang alam ko sa geopolitics, lalo na sa maraming EDCA (Enhanced Defense Cooperation Agreement) na pinayagan ni President Marcos Jr. na ngayon ay may ilang libong US soldiers ang nakadeploy.

Sabi ng Malakanyang, hindi raw pang- offensive ang EDCA sites, pang-depensa raw, at hindi man sinabi, ang sinasabing banta ay manggagaling sa China.

Sa nababasa kong balita, naghahanda na ang China na sakupin ang Taiwan, na ayon sa kasaysayan, ito ay dating Formosa na duon tumakas si Kuomintang Party Chairman Chiang Kai-shek matapos na matalo ng Chinese Communist Party sa pamumuno ni Chairman Mao Zedong noong 1949.

Itong Taiwan ay tinatawag na Republic of China na gusto nang bawiin ni President Xi Jinping ng People's Republic of China.

Sabi naman ng US, kapag giniyera ang Taiwan, idedepensa ito laban sa PRC e ang isang EDCA site ay Northern Luzon, ilang kilometro lang sa Taiwan.

Paano kung magkagiyera nga, ang tatargetin ng China ay ang EDCA site sa atin, at paano na tayo, madadamay ang Pilipinas.

Kaya hindi pang-depensa, kungdi panggiyera talaga ang mga armas, missiles at mga barko ng US na nasa EDCA sites sa Northern Luzon, sa Palawan at iba pang lugar.

Ang tatargetin siyempre ng China e ang mga EDCA sites na nanduon ang mga sundalong Kano, at mangyayari, madadamay uli, opo, uli tayo sa giyera ng Kano na hindi tayo talaga kasali.

Kung inyong matatandaan, kaya tayo nilusob ng Japanese Imperial Army noong World War II, kasi nandito sa atin military bases ng US sa Clark sa Pampanga, sa Subic sa Olongapo at sa Sangley Pt. sa Cavite City.

Nadamay tayo sa WWII, kasi ang kalaban ng Japan ay US, hindi ang Pilipinas.

Kung walang US forces dito sa atin, hindi bobombahin ang Pilipinas, ito ay ayon sa kasaysayan.

E, sabi ng Pangulong Marcos, kung mag-iimbak ng armas de giyera at gagamitin ang EDCA sites laban sa China, hindi raw ito papayagan, paano nga kung magputukan na?

May magagawa pa ba tayo, e mayroon tayo ng tinatawag na Mutual Defense Treaty (MDT) na sinasabi, magdadamayan ang Pilipinas at US kung magkagiyera.

Harmful, hindi beneficial sa atin ang EDCA sites na yan, kung ako ang tatanungin, lalo na nga at naaalaala ko, sa naganap na US-Japanese War sa Asia Pacific, maraming namatay na Pilipino na nakipaglaban sa giyera.

Ang aking lolo, Col. Esteban na lider ng Taparang Guerilla Fighters ay isa sa namatay sa giyera, pati ang mga kapatid niya sina Major Eliseo at Capt. Elias Taparan.

At marami pang gerilya ang nagbuwis ng buhay sa proxy war na ito ng US laban sa Japan, at kung hindi maayos ang diplomatic relations natin sa China, damay tayo.

Ibang klaseng giyera ito hindi tulad ng WWII, kasi gagamitan ito ng state-of-the-art na war armaments.

Naiisip ko pa lang ang mangyayari, kinikilabutan na ako.

Sana po, maiwasan ang giyerang na hindi tayo kasali, kasi ang China ay kaibigan ng Pilipinas sa maraming government programs, sa trade and commerce.

Mangyayaring ang giyera ng US laban sa China ay sa lupa natin mangyayari, at kung mangyari nga, madudurog tayo.

Wag nawang mangyari.

Ano po ang masasabi ng ating BantayBalita readers?

Send your comments to sarfia926@gmail.com

# US, China... mula sa pahina 4

masasakop ng China ang karagatan ng WPS.

Sa exercise, idineploy ang isang guided missile destroyer, the USS Milius mula sa US 7th Fleet, ito ay malapit sa 12 nautical miles ng Mischief Reef nitong Lunes, Abril 11.

Noon pa, sinabi na teritoryo ito ng PH, pero tinayuan ito ng isang kongkretong base naval at militar ng China noong 1990.

Bunga ng pinaniniwalang agresibong pag-angkin ng China sa maraming isla sa WPS, nagdagdag pa ng apat na Enhance Defense Cooperation Agreement (EDCA) sites ang PH na paglalagyan ng mga armas de giyera at sundalong Amerikano.

Nitong nakaraang buwan, nagpalitan ng maiinit na salita ang China at US na kung di mapipigil sa diplomatikong paraan, posibleng ang kanilang girian ay mauwi sa totoong giyera.

Dahil naririto ang mga kampo militar at mga barko de giyera ng US sa karagatan at mga lalawigan sa bansa, kung mangyaring magbakbakan, tiyak na ang uunahing bombahin ng China ay ang PH.

At sa giyerang ito, sabi pa ng mga analyst, wala ni isa sa China at US ay papayag na matalo at ang tiyak na mangyayari, malaking pangan(b ito dahil ang bansa ang tiyak na tatargetin ng mga bomba, missiles at posible ay armas nuclear ng China.

Madudurog ang PH kung mangyari ito.

Kamakailan, nagpakitang gilas din ang China sa ipinakitang live-fire drills malapit sa Taiwan Strait at ang pagpapalipad ng armado-sa-missiles na eroplanong pandigma.

Naghahanda nga ang China sa banta nitong pagbawi sa Taiwan at di bumibitaw sa pangako ang US at ang NATO na ipagtatanggol nila ang soberentiya ng dating Republic of Formosa.

Noong 1949, matapos na maipanalo ni Chairman Mao ZeDong ang Chinese Communisty Party Revolution, tumakas si Gen. Chiang Kai-sek sa Formosa na kilala ngayon na Taiwan.

Ayon sa mga analysts, kapag di naawat ang init ng ulo nina President Xi Jinping at US President Joe Biden, mangyayari ang giyerang walang sinoman ang nanaising mapahiya at umatras sa digmaan.

Sa PH magaganap ang pagsiklab ng Indo-Pacific war na 'wag sanang mangyari ay mauwi sa World War III. / BANTAYBALITA Central Desk

# Our journey... mula sa pahina 3

Mas pinili ni Jesus ang tanggapin ang koronang tinik, ang paghamak, ang mga sugat ng parusa mula sa mga hagupit sa katawan, ang mabigat na krus na pinasan papuntang Kalbaryo.

Tiniis ng ating Panginoon ang kirot ng koronang tinik sa kanyang ulo; ang makalagot sa hiningang sakit ng mga pakong ibinaon sa Kanyang mga paa, palad, at sugat sa Kanyang tagiliran na itinusok sa Kanyang tagiliran.

Ang apdong ibinigay sa Kanya ay ininom Niya upang kahit bahagya ay maalis ang matinding pagka-uhaw.

Sa Kanyang dugo, tinubos Niya ang ating kasalanan at ang kamatayan na bayad sa kasalanan ng tao, si Jesus ang nagbayad, Siya ang tumubos..

Only our good deeds, ang ating pagsunod sa mga utos ng ating Ama, ang ating pananampalataya sa Diyos at kay Juses, ang mga ito ang magliligtas sa atin sa impiyerno.

Our millions, our billions, our properties, academic qualifications, family status, lineage, beauty or ranks cannot save us.

Sabi ng kaibigan ko at ito rin ang panalangin ko: Father God may You please make our journey to the grave be our journey to Your Kingdom, and that may You please grant us Your mercy, Your love and forgiveness.

Amen!

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ANTONIO GALANG ,** who died on January 7, 2019 at Cardinal Santos Medical Center, Greenhills San Juan,, left a seven (7) parcels of land as follows, covered by Tax Declaration Property NO. 13 0026 00003 / Katibayan ng Orihinal na Titulo Blg. P11137 situated at Brgy. Tulay- A, Maragondon, Cavite (3,227 sqm); Tax Dec of Real Property NO. 130026 00041 / Katibayan ng Original na Titulo Blg. P1136 situated iat Brgy. Tulay-A, Maragondon, Cavite (3,038 sqm); Tax Dec of Reral Property no. 13 0026 00005 / Katibayan ng Orihinal na TItulo Blg. T-11135 situated at Brgy. Tulay A Maragondon, Cavite 2,991 sqm; Tax Declaration of Real poroperty no. 10027 00109 one storey bldg situated at tulay B, Maragondon, Cavite (500 sqm); Tax Declaration of real property no. 1302 00728/ Katibayan ng Orihinal na titulo Blg. 11142 situated at brgy. Tulay B Maragondon, Cavite 3,633 sqm; Tax Dec of Real property no. 13 026 0424 / Katibayan ng Orihinal na Titulo Blg. P-11141 situated at Tulay A, Maragondon, Cavite (3,068 sqm); Tax Dec of Real Property no. 13- 026 0000 / Katibayan ng Orihinal na Titulo Blg. 11 situated at Tulay –A Maragondon, Cavite (2,946 sqm) Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe Editha Hernandez, under Doc. No. 302 Page No. 6, Book No. LXXIV, Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 17, 24 & MAY 1, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF A DECEASED PERSON: NELSON BARRACA, SR.

NOTICE is hereby given that the estate of the late **NELSON BARRACA, SR.,** who died on july 4, 2003 ay Maymangga, AMadeo, cavite, left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA-02-0020-00380 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 75, Page No. 16, Book No. 13, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 17, 24 & MAY 1, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED SPOUSES LAMBERTO I. VIRATA SR. AND NORMA P. VIRATA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES LAMBERTO I. VIRATA SR. AND NORMA P. VIRATA,** who died on May 24, 2011 at las Pinas city, Metro Manila and june 5, 2006 at Muntinlupa Ccity, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-613655 of the registry of deeds for the province of Cavite Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Carlos Emmanuel Montoya, under Doc. No. 250, Page No. 40, Book No. XXXIII, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

# Katangi-tanging malasakit...

*mula sa pahina 8*

19 na pumatay na 23,000 tao, 3 milyon ang bagong kaso ng infection.

Kung mangyayari ito, may nakahanda nang aksiyonb si Gov. JonVic sa ilalabas na restriction ng ECG; at ang tiyak, may contingent plan na ang Kapitolyo natin: curfew sa mga menor de edad; limitasyon sa dami ng pasahero ng PUVs; oras ng pagbubukas ng mga essential outlets tulad ng supermarket o grocery, pharmacy, hardwares, banks, pawnshop, dental/medical clinics & food establishments (take out & delivery only), etcetera.

Agad na kikilos si Gov. Pogi para mapigil ang pagkalat ng Covid, tiyak iyon kaya kampante ako, di gaanong maaapektuhan ang Cavite bumalik man ang pandemya.

@@@

Isa pang ikinahahanga ko sa ating makisig na Kuya Gov. Pogi ('wag po kayong mainggit, Justice Sec. Boying Remulla, love po namin kayo rito sa BantayBalita) e ang malasakit niya sa buhay at problema ng mga obrero.

Laging iniisip ni Gov. JonVic ang hirap sa buhay ng Caviteno laborer, mga nanay, tatay, ate, kuya na nagtatrabaho.

Cavitenos deserve BETTER, lagi sinasabi ni Gov at nais niya maipantay ang sahod at benepisyo ng Cavitenyong manggawa, karaniwang empleado na tulad ng tinatamasa ng laborer sa Metro Manila.

Nitong nakaraang taon, talagang inilaban ni Gov. Remulla na maipantay sa Metro Manila ang Basic Wage Structure ng Cavite.

Nabasa ko: Sa mga bayan ng Silang, Tanza, Gen. Mariano Alvarez, Indang, Naic, Alfonso, naglalaro sa P317-373 ang arawang sahod.

Sa Maragondon, Noveleta, P303- P333; sa Amadeo, Magallanes, Mendez, Gen. Emilio Aguinaldo, Ternate, P303-P327.

Sa mga siyudad ng Bacoor, Imus, P372-P400; Carmona, Gen Trias, Rosario,P347-P373; Cavite City, Dasmarinas City, Tagaytay City, Trece Martires City, P347-P374.

Datos ito noong 2018 na medyo tumaas na yata ngayon.

Sa Metro Manila, nagsisimula sa P500-P537 ang daily wage earning.

Eto ang sabi ni Gov. JonVic: (1) Ang presyo ng bilihin sa palengke ng Cavite at Metro Manila ay pareho lamang; (2) Ang halaga ng Public Transportation ng Cavite at Metro Manila ay iisa lamang; (3). Ang halaga ng kuryente, tubig, at internet ay walang pinagkaiba.

Kaya ang tanong ni Gov. Remulla, e bakit magkalayo pa ang daily wage ng Cavite at ng Metro Manila.

Hindi ito makatarungan sa mga promdi na tulad natin, at pakiusap ni Gov. JonVic sa lahat ng kinauukulan na tingnan nang parehas ang sitwasyon ng pamumuhay dito sa Cavite.

Pareho lang ang ibinabayad sa gas, koryente, tubig ng Cavitenyo sa mga taga NCR.

Konsiderasyon naman at tratong sa Cavite worker at ang totoo, malaki ang ambag ng Cavite sa ekonomya ng bansa.

Kapakanan, kabutihan, kasiyahan ng Cavitenyo ang gusto lagi ni Gov. JonVic.

Kaya pala tuwing eleksiyon, nangangamote ang mga kalaban niya kasi alam naming Cavitenyo, puro, lantay, wagas ang pag-ibig ni Gov. Remulla sa atin.

Isa pa nga pala, dagdag, dito, mas pogi siya sa mga artistang sikat at kilala natin.

At isa pa, basta inagrabyado ng taga-Metro Manila ang isang Cavitenyo, lagot kayo kay Gov. JonVic.

Tingnan nyo ang nangyari kay Isko Moreno nang upakan niya noon si Naic Mayor ngayon ay Vice Mayor Junio 'Jun'Dualan.

Imagine, nagmalasakit na si Mayor Jun sa itinapong Manilenyo sa Naic, kinastigo pa ni Isko na di raw binigyan SAP.

Ayan, sa kangkungan pinulot si Domagoso sa nakaraang eleksiyon presidential elections.

E kung laman din lang ng bao ng ulo, diskarte at kapogian, alaws si Moreno kay Gov. JonVic.

Sa kisig at malasakit, walang binatbat ang artistang ito sa aming gobernador.

Tandaan na ang tatay ni Gov. JonVic ay ang orihinal na guwapo o Wapog ng Cavite, si Gov. Juanito 'Johnny' Remulla, Sr.

Para sa inyong komento, eto ang email ko: domzcaoile@yahoo.com

---

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF DECEASED SPOUSES JULIAN SISMAET AND JUANA DEL MUNDO SISMAET AND THE DECEASED GLICERIA SISMAET MARJES

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES JULIAN SISMAET AND JUANA DEL MUNDO SISMAET,** who died on August 5, 1975 and May 8, 1978 and **GLICERIA SISMAET MARJES** ,who died on December 10, 2021, left a parcel of land agricultural land convered by Tax Declaration NO. AA-13-0017-00280 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-Ann R. Alcid, under Doc. No. 1820 Page No. 49, Book No. 9, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED SPOUSES PAMFILO R. ROMERO AND AVELINA E. ROMERO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **PAMFILO R. ROMERO AND AVELINA E. ROMERO,** who died on February 9, 2012 at Brgy. Javalera, General Trias, Cavite and April 12, 2022 at Brgy. Javalera, City of General Trias, CAvite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Transfer Certificate of Title No. T-892649 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. octava, under Doc. No. 31, Page No. 7, Book No. VI, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OFESTATE OF THE LATE SPOUSES MARCIANO CARATEHAN DEMANDAL AND TRINIDAD AMATRIAM DEMANDAL WITH WAIVER OF RIGHT AND PARTITION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES MARCIANO CARATEHAN DEMANDAL AND TRININDAD AMATRIAM DEMANDAL,** who died on April 26 1999 and July 30, 2002 at Silang, Cavite, left a parcel of alnd covered by Tax Declaritaon No. 18-0017-06140, Tax declaration 18-0056-00340, tax Declartion no. -18-0055-00746 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper c. sales, under Doc. No. 770 Page No. 74, Book No. 5, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF SIXTO AREVALO AND CRESENCIA PAPA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SIXTO AREVALO AND CRESENCIA PAPA,** who died on September 17, 2006 and February 4, 2010 left a parcel of land agricultural land covered by Transfer Certificate of title no. t-16246 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B, Octava, under Doc. No. 323 Page No. 55, Book No. III, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDIATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ILDEFONSO FAJARDO ,** who died on July 28, 1994 at Sta. Manila, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of ITtle No. T-387488, left a parcel of land agricultural land convered by Tax Declaration NO. AA-13-0017-00289 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-Ann R. Alcid, under Doc. No. 623 Page No. 23, Book No. 2, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF EDECEASED PERSON WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARINA ABAD GUMALE ,** who died on instetate on January 12, 2022 at Amaya 5, Tanza, Cavite, left a parcels of land, covered by Transfer Certificate no. 057-2020046295, Transfer Certificate of Title No. no. 057-20220000054, Transfer certificate of Title No. 057-2016032027 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio m. paligutan, under Doc. No. 246 Page No. S, Book No. I, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH ABSOLUTE SALE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RUSTICA MEDNOZA CASASOLA ANND MARCIANO ORDONEZ CASASOLA,** who died on instetate on December 27, 2009 at general Trias, Cavite and October 4, 2014 at Naic, Caviote, left a parcels of land, covered by Transfer Certificate T-9788996, Transfer Certificate of Title No. T-264274, Transfer certificate of iTitle No. T-1160328, Transfer Certificae of Title No. T-1160329, Transfer Certificate of Title No. T-1160331, Transfer Certiciafte of Title No. 057-2013038507 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 36 Page No. 9, Book No. 13, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 29 10.00 APRIL 17 - APRIL 23, 2023




DEPARTMENT of Interior and Local Government (DILG) Cavite Provincial Director Lionel L. Dalope, CESO V attended the Public Hearing for the Proposed Ordinance on Setting Curfew Hours in the Province of Cavite for Minors, Providing Penalties for Parents and Guardians, for violation thereof and for other purpose last Monday, April 17.

The public hearing was held at the Sanggunian Panlalawigan (SP) session hall in the Provincial Government Capitol Compound Trece Martires City and participated in by Board Members Fulgencio Jun Dela Cuesta, Arnel Catimbuan, Romel Enriquez, Renier Ambion, Morit Sison, Ramon Vicente Bautista, Davey Chua, Paulo Crisostomo, SP Secretary Michelle F. Alcid, representatives from PGCOPS, PNP, DSWD and other invited guests.

## CPPO: mas matinding kampanya vs. kriminalidad

SA patuloy ng mas pinaigting na kampanya laban sa kriminalidad, ibinalita ng Cavite Police Provincial Office ang pagka-aresto sa isang 'most wanted person' sa probinsiya at 40 indibidwal na sangkot sa magkakaibang krimen.


Patunay ito, sabi ng Cavite PPO na maasahan ang pulisya sa maagap na pagtugon mga problema ng iligal na droga, at iba-ibang krimen sa lalawigan.

Ayon kay Cavite PPO director, Colonel

*Sundan sa pahina 2*



Col. Christopher Olazo




## Katangi-tanging malasakit, kalinga ni Gov. JonVic!



**REVANZE**

by Domz B. CAOILE

LATEST news, nagbabalik ang ayaw nating bumalik, si Covid-19 at malaking perwisyo ito, ngayong unti-unti pa lang tayong bumabangon.

Mangyayari, baka maulit ang noon ay inireklamo ng ating makisig na Cavite Gov. JonVic Remulla sa pabago-bagong desisyon at announcements ng IATF regarding the ECQ Guidelines.

Pabirong kantiyaw ni Gov Pogi , itong ECQ Guidelines ay parang " Enhanced Confusion Quarantine," aba ay daig pa niya ang mga vloggers, komentarista sa radyo-TV at influencer sa makatotohanang tirada niya.

Kung mangyari -- na sana naman ay hindi lumaganap uli ang infection ng Covid-19 -- may programa nang nakahanda ang Kapitolyo, e si Gov. Remulla pa ba, e alisto lagi yan, lalo na at sa kapakanan nating Cavitenyo.

Sabi kasi ni Michael Ryan, ang World Health Organization (WHO)



emergencies director, volatile o mas mabagsik ang pagbabalik ng Covid-

*Sundan sa pahina 2*

# Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort

Tanza Oasis Hotel and Resort is Cavite's only true resort destination, offering the perfect mix of exceptional resort accommodations, service, comfort and a classic Filipino hospitality.

Just one hour away from busy life of Metro Manila: Discover a hotel that is modern as well as classically elegant.

Tanza Oasis Hotel offers the largest themed Swimming Pool in the area, that will cater adults and loved by the kids.

Also, the resort stands as the premier meeting center for international clientele and businessman alike with meeting, convention and outdoor function space.

The Hotel offers 5 different room types to suit the visitors and it has Safari Themed Swimming pool which is equipped with 3 exciting giant pool slides for those who want some action and play.

For superb dining experience, the hotel has two restaurants -- Shang Garden Restaurant and Sagobe Bar themed and elegantly designed for everyone's ambiance, with proper lighting to give a feeling of warmth.

Visitors will surely experience superior luxury, subtle elegance and personalized services and much more.

The Oaisis is located at Kilometer 41 A. Soriano Highway, Barangay Capipisa, Tanza, Cavite.

Phone: +63 46 4388 488 to 89; Manila Line: +63-02-85844628.

Email: reservations@ tanzaoaisis.com







